**PAHAYAG NG IMPORMASYON SA BAKUNA**

# Bakuna sa Hepatitis B:
## *Ano Ang Kailangan Mong Malaman*

Many Vaccine Information Statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming Pahayag ng Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Tagalog at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

## 1. Bakit magpapabakuna?

Mapipigilan ng **Bakuna sa Hepatitis B** ang **hepatitis B**.Ang Hepatitis B ay isang sakit sa atay na maaaring magdulot ng banayad na sakit na tumatagal ng ilang linggo, o maaari itong humantong sa isang malubha, panghabambuhay na karamdaman.

- Ang **biglaan at malalang impeksyon ng hepatitis B** ay isang panandaliang karamdaman na maaaring humantong sa lagnat, pagkapagod, kawalan ng gana sa pagkain, pagduruwal, pagsusuka, paninilaw ng balat (dilaw na balat o mata, maitim na ihi, kulay putik na dumi), at pananakit ng mga kalamnan, kasukasuan, at tiyan.
- Ang **hindi gumagaling-galing na impeksyon ng hepatitis B** ay isang pangmatagalang sakit na nangyayari kapag ang hepatitis B virus ay nananatili sa katawan ng isang tao. Karamihan ng tao na nagkakaroon ng hindi gumagaling na hepatitis B ay walang mga sintomas, ngunit napakalubha pa rin nito at maaaring magdulot ng pinsala ng atay (cirrhosis), kanser sa atay, at pagkamatay. Ang mga taong may hindi gumagaling na impeksiyon ay maaaring makahawa ng hepatitis B virus sa ibang tao, kahit na hindi nila nararamdaman na may sakit sila o hindi mukhang may sakit.

Kumakalat ang hepatitis B kapag ang dugo, semilya o ibang likido ng katawan na naimpeksiyon ng hepatitis B virus ay pumasok sa katawan ng isang tao na walang impeksiyon. Maaaring maimpeksyon ang mga tao sa pamamagitan ng:

- Kapanganakan (kung ang isang buntis ay may hepatitis B, ang kanilang sanggol ay maaaring mahawa)
- Pakikigamit sa may impeksiyong tao ng mga bagay tulad ng labaha o sipilyo
- Kontak sa dugo o bukas na sugat ng may impeksiyong tao
- Pakikipagtalik sa may impeksiyong kapareha
- Pakikigamit ng mga karayom, hiringgilya o ibang kagamitang pang-iniksyon ng droga
- Pagkalantad sa dugo mula sa mga tusok ng karayom o iba pang matatalas na instrumento

Karamihan sa mga taong nabakunahan ng bakuna sa hepatitis B ay may imyunidad habang buhay.

## 2. Bakuna sa hepatitis B

Ang bakuna sa Hepatitis B ay karaniwang ibinibigay bilang 2, 3, o 4 na iniksyon.

**Ang mga sanggol** ay dapat makatanggap ng una nilang dosis ng bakuna para sa hepatitis B pagkapanganak at karaniwang makukumpleto ang serye sa 6–18 na buwang gulang. **Ang dosis pagkapanganak ng bakuna sa hepatitis B ay isang mahalagang bahagi ng pag-iwas sa pangmatagalang sakit sa mga sanggol at pagkalat ng hepatitis B sa Estados Unidos.**

**Lahat ng bata at nagbibinata o nagdadalaga** na mas bata sa 19 taong gulang na hindi pa nakakuha ng bakuna ay dapat ring mabakunahan.

**Ang mga nasa hustong gulang** na hindi pa nabakunahan noon at nais maprotektahan laban sa hepatitis B ay maaari ring kumuha ng bakuna.

Inirerekomenda rin ang bakuna sa Hepatitis B para sa mga sumusunod na tao:

- Mga taong ang kapareha sa pagtatalik ay may hepatitis B
- Mga taong aktibo sa pakikipagtalik na wala sa isang pangmatagalang pakikipagrelasyon sa iisang tao
- Mga taong naghahangad ng pagsusuri o paggamot sa sakit na naikakalat sa pakikipagtalik
- Mga biktima ng sekswal na pag-atake o pang-aabuso
- Mga lalaking nakikipagtalik sa ibang mga lalaki
- Mga taong nakikigamit ng mga karayom, hiringgilya o ibang kagamitang pang-iniksyon ng droga
- Mga taong may kasama sa tirahan na isang taong naimpeksiyon ng hepatitis B virus
- Mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at pampublikong kaligtasan na namimiligrong malantad sa dugo o likido ng katawan
- Mga residente at kawani ng mga pasilidad para sa mga taong may kapansanan sa katawan o pag-iisip
- Mga taong naninirahan sa kulungan o bilangguan
- Mga naglalakbay sa mga rehiyong may mas mataas na insidente ng hepatitis B
- Mga taong may hindi gumagaling-galing na sakit sa atay, sakit sa bato na nagda-dialysis, impeksyon ng HIV, impeksyon ng hepatitis C, o diabetes

Ang bakuna sa hepatitis B ay maaaring ibigay bilang isang solong bakuna, o bilang bahagi ng kumbinasyong bakuna (isang uri ng bakuna na pinagsasama-sama ang higit sa isang bakuna sa isang iniksyon).

Ang bakuna sa hepatitis B ay maaaring ibigay kasabay ang iba pang mga bakuna.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

## 3. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan

Sabihin sa iyong tagapagbigay ng pagbabakuna kung ang taong babakunahan ay:

- Nagkaroon ng isang **allergic na reaksyon pagkatapos ng nakaraang dosis ng bakuna sa hepatitis B**, o merong **malubhang, nagbabanta sa buhay na mga allergy**

Sa ilang mga kaso, maaaring magpasya ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na ipagpaliban ang pagbabakuna para sa hepatitis B hanggang sa isang pagbisita sa hinaharap.

Ang mga buntis o nagpapasuso ay dapat mabakunahan kung sila ay nasa panganib na makakuha ng hepatitis B. Ang pagbubuntis o pagpapasuso ay hindi mga dahilan upang iwasan ang pagbabakuna ng hepatitis B.

Maaaring mabakunahan ang mga taong may kaunting karamdaman, tulad ng sipon. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay karaniwang dapat maghintay hanggang sa sila ay gumaling bago kumuha ng bakuna sa hepatitis B.

Ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ay makakapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

## 4. Mga panganib ng isang reaksyon sa bakuna

- Ang pananakit kung saan ibinibigay ang iniksiyon o lagnat ay maaaring mangyari pagkatapos ng pagbabakuna para sa hepatitis B.

Ang mga tao kung minsan ay hinihimatay matapos ang mga medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo kung nakakaramdam ka ng pagkahilo o may mga pagbabago sa iyong paningin o pag-ugong sa iyong mga tainga.

Tulad ng anumang gamot, mayroong napakaliit na tsansa na ang isang bakuna ay maging sanhi ng malalang allergic na reaksyon, ibang malubhang pinsala sa katawan, o pagkamatay.

## 5. Paano kung may isang malubhang problema?

Ang isang allergic na reaksyon ay maaaring mangyari pagkatapos na ang taong nabakunahan ay umalis sa klinika. Kung makakita ka ng mga palatandaan ng matinding allergic na reaksyon (mga pantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa iba pang mga palatandaan na nakakabahala sa iyo, tawagan ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Dapat iulat ang mga hindi mabuting reaksyon sa Sistema ng Pag-uulat ng Hindi Mabuting Pangyayari kaugnay ng Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS). Karaniwang isinusumite ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang ulat na ito o maaaring ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksyon, at ang mga tauhan ng VAERS ay hindi nagbibigay ng medikal na payo.*

## 6. Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program)

Ang Pambansang Programa ng Kabayaran para sa Pinsala kaugnay ng Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang pederal na programang nilikha upang mabayaran ang mga taong maaaring napinsala ng ilang mga bakuna. Ang mga paghahabol tungkol sa di-umano'y pinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa oras para sa paghahain, na maaaring kasing-ikli ng dalawang taon. Bisitahin ang website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation o tumawag sa **1-800-338-2382** upang malaman ang tungkol sa programa at tungkol sa paghahain ng claim.

## 7. Paano ako makakakuha ng karagdagang kaalaman?

- Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bisitahin ang website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga kalakip ng pakete ng bakuna at karagdagang impormasyon sa www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines.
- Makipag-ugnay sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
  - Tumawag sa **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines.

Tagalog translation provided by Immunize.org